


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3
## Mga Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marie Jane E. Salipada
**Editor:** Carmelita C. Goles
**Tagasuri:** Carmelita C. Goles
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Marie Jane E. Salipada
**Tagalapat:** Marie Jane E. Salipada, Florencio R. Caballero
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
CID Chief Juliet A. Magallanes, EdD
EPS-LRMDS Florencio R. Caballero, DTE
EPS-Filipino Josephine L. Tomboc, EdD

# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbibigay ng kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng pagbibigya ng kasingkahulugan at kasalungat.


May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nabibigyang kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan at kasalungat, sitwasyong pinaggamitan ng salita (context clues), pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita . **(F2WG-IIg-h-5)**

# Balikan

Tingnan ang larawan sa ibaba. Sabihin ang mga kilos na ginagawa ng mga tao sa larawan.



Iginuhit ni: Marie Jane E. Salipada

**Mga tanong:**

1. Ano ang ginagawa ng batang lalaki sa ilalim ng punong kahoy ? ___________________
2. Ano ang ginagawa ng batang babae? _____________________
3. Ano ang ginagawa ng matandang babae? _____________________
4. Ano ang ginagawa ng mag-anak sa parke? _____________________
5. Ano ang ginagawa ng lalaki malapit sa duyan? ____________________




# Tuklasin

Likas sa mga Pilipino ang mahilig mag-alaga ng mga hayop. Ating alamin sa kuwento ang kahalagahan ng hayop sa buhay ng tao.

**Ang mga Alaga ni Lolo Tisoy**

Sulat ni: Marie Jane E. Salipada
Iginuhit ni: Marie Jane E. Salipada



Simula ng magkapandemya na-isipan ng pamilya ni Lolo Tisoy ang manirahan sa bukid. Bukod sa tahimik. Hindi rin magulo sa bukid. Malayo sa sakit, maaliwalas at presko ang hangin. Si lolo Tisoy ay isang masipag na magsasaka. Matiyaga niyang inaalagaan ang kanyang mga alagang hayop sa maluwang niyang bakuran. Malawak rin ang tanawin sa bukid. Mayroon siyang alagang baka na sobrang mataba. Malusog ito sapagkat pinapakain niya ng preskong dayami. Ito ang katulong niya sa palayan. Sariwa ang gatas na makukuha kay kambing. At ibinibinta nila ito sa nayon. Mayroon din siyang alagang bibe at pato na siyang nagbibigay itlog. Sa tuwing marami ang itlog naibibinta rin nila ito sa nayon. Malusog at hindi sakitin ang

kanyang pamilya dahil puro sariwa ang kanilang kinakain sa bukid at malayo sa pulosyon. Masaya ang pamilya dahil sa sipag ni lolo Tisoy sa pag-aalaga ng mga hayop hindi sila nagugutom sa gitna ng krisis.

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Sino ang masipag na magsasaka?
   ______________________________
2. Paano inilalarawan ang bukirin ni lolo Tisoy?
   ______________________________
3. Bakit malayo sa sakit ang pamilya ni lolo Tisoy?
   ______________________________
4. Anong uri ng salita ang **maaliwalas** at **presko**?
   ______________________________
5. Anong uri ng salita ang **malusog** at **sakitin**?
   ______________________________



# Suriin

Magaling! Dahil matagumpay mong nasagutan ang mga katanungan. Dahil sa taglay mong galing aking kaibigan sana ay maisaisip ang mga dapat tandaan. Alam ko may mga nabubuong ideya sa mga isipan ninyo ngayon.

Ang mga salita ay maaaring magkasingkahulugan o magkasalungat.

Ang mga salita ay maaaring magkasingkahulugan o magkasalungat.

**Tandaan:**

- Ang dalawang salita ay ***magkasingkahulugan*** kapag pareho ang kanilang ibig sabihin.
- Ang dalawang salita na ***magkasalungat*** kapag ang kanilang kahulugan ay kabaligtaran ng isa't-isa.
- Mahalagang malaman ang kahulugan ng isang salita upang madaling maibigay ang kasingkahulugan o kasalungat nito. Basahin ang mga salita sa loob ng bawat kahon.

| | |
|---|---|
| malawak-maluwang<br>maaliwalas-presko<br>masipag-matiyaga<br>mataba-malusog | Tahimik-magulo<br>Malusog-sakitin |

Ano ang napansin mo sa unang pangkat?______________________
Ano ang napansin sa ikalawang pangkat?______________________

Upang masukat ang iyong pag-unawa sa ating aralin sagutin ang mga sumusunod na pagsasanay.



## Pagyamanin

A. **Panuto**: Ibigay ang kasalungat ng mga ipinahiwatig ng larawan. Hanapin ang tamang sagot sa kahon at isulat ito sa patlang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| bata | malinis | malamig | payat | malungkot |

1.  _______________

2.  _______________

3.  _______________

4.  _______________

5.  _____________

B. Hanapin sa hanay B ang salitang kasingkahulugan ng salitang nasa hanay A. Isulat sa patlang ang titik na may tamang sagot.

| A | B |
|---|---|
| ____1. mahirap | a. labis |
| ____2. mapera | b. wasto |
| ____3. tama | c. malamig |
| ____4. maginaw | d. dukha |
| ____5. sobra | e. mayaman |

C. Tingnan ang larawan at basahin ang maikling kuwento.

Si Bantay

Sulat ni: Marie Jane E. Salipada

Isang umaga habang kami ay namamasyal sa parke, nakita ko ang isang kawawang tuta. Makikita sa kanyang mukha ang lungkot na tila ba nawawala. Dahil sa hilig namin sa aso kinuha ito nang tatay ko at inuwi sa bahay. Sobrang madungis ito dahil wala itong ligo. Masaya naming inuwi ang aso. Pagdating sa bahay agad na pinaligoan ni ate ang aso. Kitang kita na maganda ang kulay ng balahibo nito na puti. Ordinaryo ang ganda ng aso may maigsi siyang buntot at malaki ang tainga. Napansin ni kuya ang suot nitong kuwentas na may nakaukit na Bantay. Kaya tinawag namin siyang Bantay. Habang itong bunso namin na hilig mag *facebook* napansin niya na may nanawagan na nawalan ng aso at my larawan pa ito. Agad itong nakilala namin at si bantay ang tinutukoy nila. Agad naming tinawagan ang numerong nakasulat. Sa araw ding iyon naisauli sa totoong may-ari si Bantay. Sobra ang saya nang may-ari.



Isulat sa papel ang mga salitang may salungguhit at ibigay ang kahulugan nito. Halimbawa nito ang unang bilang.

1. madungis – marumi　　2. __________ - __________

3. __________ - ________　　4. __________ - __________

5. __________ - _________



# Isaisip

Isa sa mga paraan upang maunawaan ang kahulugan ng isang salita ay sa pamamagitan ng pag-alam ng kasingkahulugan at kasalungat.

Panuto: Punan ang nawawalang salita at isulat ito sa may patlang upang mabuo ang kaisipan. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| kahulugan | magkasingkahulugan | magkasalungat |

Ang dalawang salita ay ________________________kapag pareho ang kanilang ibig sabihin.
Ang dalawang salita na ____________________kapag ang kanilang kahulugan ay kabaligtaran ng isa't-isa.
Mahalagang malaman ang _______________ng isang salita upang madaling maibigay ang kasingkahulugan o kasalungat nito.



## Tayahin

A. Basahin ang mga salita. Ilagay sa kahon ang tsek ***(√)*** kung ang mga salita ay ***magkasingkahulugan*** at ekis ***(x)*** kung ***magkasalungat.***

1. niyaya ☐ hinikayat
2. matulin ☐ mabagal
3. masaya ☐ malungkot
4. maaruga ☐ maalaga
5. maralita ☐ mahirap



## Karagdagang Gawain

Pag-aralan ang sumusunod na salita. Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga ito.

| Salita | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| Matalas | | |
| Matagumpay | | |
| Mahaba | | |
| Maluwag | | |
| Mataba | | |

## Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. Natulog
2. Nagbisikleta
3. Tumakbo
4. Nagkuwentuhan (Tatanggapin ang iyong sagot kung ito ay may kaugnayan sa larawan)
5. naglinis

**Tuklasin**

1. Si Lolo Tisoy
2. Tahimik, hindi magulo, maaliwalas at presko.
3. Dahil sariwa ang kanilang kinakain at malayo sa pulosyon.
4. Kasingkahulugan
5. Kasalungat

**Isaisip**

1. Magkasingkahulugan
2. Magkasalungat
3. kahulugan

**Tayahin**

1. √
2. x
3. x
4. √
5. √

**Karagdagang Gawain**

| Salita | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| matalas | matalim | mapurol |
| matagumpay | nagwagi | bigo |
| Mahaba | mataas | maiksi |
| Maluwag | malawak | makipot |
| Mataba | malusog | payat |

**Suriin**

1. Magkasingkahulugan
2. Magkasalungat

**Pagyamanin**

A.
1. malamig
2. malungkot
3. bata
4. payat
5. malinis

B.
1. d
2. e
3. b
4. c
5. a

C.
1. marumi
2. maligaya
3. marikit
4. karaniwan
5. maikli

## Sanggunian


Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

Garcia, Aligante, Ola, Cruz, Castro, Padalla, Alburo, and Cruz. *Ang bagong batang Pinoy 2*. Philippines: Rex Book Store, Inc., 2013.

Villafuerte, and Ona. *Pagdiriwang ng wikang Filipino 2*. (Binagong edisyon 2010). Philippines: Diwa Scholastic Press, Inc., 2003.